

HOLY ANGEL UNIVERSITY

**Epekto ng Social Media sa Paraan at Estilo ng mga Mag-aaral sa
Wikang Filipino**

Konseptong Papel

Inihahandog sa Basic Education Department

Holy Angel University



Arbon, Bea Sophia Angeline R.

David, Fritz Darryl A.

David, Janisa Kate N.

Fausto, Regina Molly C.

Manansala, Rayvee Claire S.

Nuqui, Francen Q.

Palayon, Princess Royence S.

Sinamban, Harvey Jireh C.

Ms. Kayden B. Tan, LPT

FILKOM

11-St.Agatha

HOLY ANGEL UNIVERSITY**I. Kahalagahan ng Pananaliksik (Rationale)**

Sa paglipas ng panahon, patuloy ang naging pag-unlad ng teknolohiya na nakaapekto sa iba't ibang aspeto ng buhay ng mga tao. Kasabay ng pag-unlad nito ang *social media* na kaugnay na ng pang-araw-araw na buhay ng mga tao, partikular na ng mga mag-aaral. Dahil dito, hindi lamang ang pamumuhay, paniniwala, at kilos ang naapektuhan o naimpluwensiyahan ng *social media* kung hindi pati na rin ang paraan at estilo sa pagsasalita o pagsusulat sa wikang Filipino ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay patungkol sa epekto ng *social media* sa paraan at estilo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Ang pananaliksik ay naglalayon na malaman ang mga positibo at negatibong epekto ng paggamit ng *social media* sa paraan at estilo sa wikang Filipino ng mga mag-aaral. Bukod pa rito, tatalakayin din sa pananaliksik na ito ang mga pagbabago na bumugso sa paggamit ng wika, ang mga epekto ng pagbabago sa paraan at estilo ng paggamit ng wikang Filipino sa mga Pilipino at sa Pilipinas, at ang kahalagahan ng paggamit ng tamang paraan at estilo ng wikang Filipino, lalo na sa mga mag-aaral.

Dahil sa paglawak ng impluwensiya ng *social media* sa mga mag-aaral, nagkakaroon ng iba't ibang mga pananaliksik at pananaw ang mga tao sa tunay na epekto nito sa kanila. May mga nagsasabi na ito ay nakabubuti sapagkat lumalawak din ang bokabularyo sa ibang wika ng mga mag-aaral, ngunit may mga salungat din sa pananaw na ito sapagkat unti-unti raw nakakalimutan ng mga mag-aaral ang wikang Filipino na nakaaapekto sa paggamit ng wikang Filipino. Dahil dito, hangad ng mga mananaliksik na malaman ang mga positibo at negatibong epekto ng paggamit ng *social media* ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Ang negatibong epekto nito ay tuluyang paglaho ng wikang Filipino dahil sa unti-unting nakakaligtaan ang sariling wika. Kung tuluyan itong maglalaho, mawawala rin ang pagkakilanlan ng ating lahi. Samakatuwid, makakatulong ang pananaliksik na ito upang makabuo ng mga solusyon sa mga posibleng negatibong epekto ng *social media* sa wikang Filipino, maipakita ang kahalagahan ng wika, at mapanatili ang kakanyahan at kabuluhan nito sa kabila ng pag-unlad ng *social media*. Ang pag-aaral na ito ay magbibigay kaalaman sa mga mananaliksik ukol sa kalagayan ng wikang Filipino sa kasalukuyang henerasyon sa *social media*. Mahalagang maisakatuparan ang pananaliksik na ito upang mapaigting ang pagpapalago ng inang wika.

HOLY ANGEL UNIVERSITY

Sa kabilang banda, may mga nauna ng mga pag-aaral na nais pang palawakin ng mga mananaliksik sapagkat may kaugnayan ito sa gagawing pananaliksik. Ang pananaliksik ni Pati (2019) na pinamagatang “Epekto ng Paggamit ng *Social Media* sa Paggamit ng Wika” na tumatalakay sa positibo at negatibong epekto ng *social media* sa paggamit ng wika sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan ay maaaring maiugnay sa pag-aaral na ito. Maliban pa sa nabanggit na pananaliksik, ang pag-aaral din ni Barredo at Cadapan (2022) na pinamagatang “*Extent Of Use Of Social Media And Writing Skills In Filipino: A Correlational Study Among Freshmen College Students*” ay nagpapakita rin ng kaugnayan sa isinagawang pag-aaral. Ito ay naglalayon alamin ang epekto ng labis na paggamit ng *social media* sa kaunlaran ng wikang Filipino sa pasulat na aspeto. Ang dalawang nabanggit na kaugnay na pananaliksik ay may koneksyon sa pananaliksik na ito sapagkat kapwa nilang nilalayon na alamin ang naidudulot ng *social media* sa pagsulong ng wikang Filipino.

HOLY ANGEL UNIVERSITY**II. Layunin**

- Matukoy ang mga epekto ng *social media* sa paraan at estilo ng paggamit ng wikang Filipino sa mga mag-aaral.
- Matukoy kung ano-anong pagbabago ang bumugso sa paggamit ng wika.
- Matukoy ang mga epekto ng pagbabago sa paraan at estilo ng paggamit ng wikang Filipino sa mga Pilipino at sa Pilipinas.
- Matulungan ang mga mag-aaral at kapwa Pilipino sa wastong paggamit ng wikang Filipino.
- Matukoy ang kahalagahan ng paggamit ng tamang paraan at estilo ng wikang Filipino, lalo na sa mga mag-aaral.

HOLY ANGEL UNIVERSITY

III. Kaugnay na Pag-aaral at Literatura

- Ayon sa Britannica (2023), ang *social media* ay isang midyum ng komunikasyon sa internet, tulad ng mga website para sa *social networking* at *microblogging*, kung saan nagbabahagi ng impormasyon, ideya, mensahe, at iba pang nilalaman ang mga gumagamit.
- Batay sa pag-aaral nina Costales et al. (2017), ang wika ay dinamiko, kaya ito ay nagbabago lalo na sa kasalukuyang panahon na laganap ang teknolohiya at modernisasyon. Dahil sa mga pagbabagong nagaganap sa mundo ng komunikasyon, iba't ibang anyong salita at paraan ng pananalita ang nabubuo at nagagamit ng mga kabataan.
- Napatunayan sa pag-aaral ni Albay (2017) na 69.9% sa mga Pilipinong mag-aaral na respondente nito ang sang-ayon na ang *social media* ay salik na nakaiimpluwensya sa pagkabaon sa limot ng mga wasto at makalumang salita ng wikang Filipino.
- Ayon kina Zainal at Rahmat (2020), ginagamit ng mga mag-aaral ang *social media* kapag mayroon silang gustong malamang mga impormasyon dahil madali lamang ang paggamit nito ngunit maraming mga *social media sites* na nagbibigay ng hindi mapagkakatiwalaang impormasyon. Epekto nito ang pagbibigay ng maling impormasyon at negatibong epekto sa paggamit ng gramatika, pagbaybay, paggamit ng mga kontraksiyon, at estilo ng pagsusulat ng mga mag-aaral.
- Alinsunod sa pag-aaral ni Orosio (2017), dahil sa patuloy na pag-ulad at pagbabago ng modernong panahon, ang mga mamamayan ay sumasabay din sa pag-unlad sa iba't ibang aspeto, isa na rito ang paggamit at pagsasalita ng wikang Filipino. Ang pagbabago at paglipat mula sa mga makalumang salita hanggang sa kasalukuyan nang labis na maunawaan at maayos na maihatid sa nakararami ay malinaw sa mga kabataan at sa mga Pilipino. Gumagamit na rin ng iba't-ibang paraan ang mga Pilipino upang mas mapaikli ang pagbigkas at paggamit ng wika upang mabilisan at madaliang makipagkomunika at makapagpalaganap ng mga impormasyon.
- Ipinahayag sa pag-aaral ni Noval (2021) na ang patuloy na paggamit ng mga makabagong salitang balbal na umuusbong sa kasalukuyang panahon ay lubos na mula sa impluwensya

HOLY ANGEL UNIVERSITY

ng teknolohiya gaya ng *social media* at iba pa. Nabubuo ang mga salitang ito sa pamamagitan ng mga kumbinasyon na pagsasama-sama, pagbabaligtad at pagdaragdag, pagpapaikli at pagdaragdag, pagpapaikli at pagbabaligtad, panghihiram at pagpapaikli, at paghiram at pagdaragdag. Bukod pa rito, nabuo at umusbong din ang mga wika tulad ng bekimon, conyo, *gay lingo*, at iba pa. Ito ang mga wika na ginagamit ng mga mag-aaral at masasabing magiging malaking hadlang sa kanilang komunikasyon sa tahanan at paaralan kung hindi nila ito masasabayan.

- Batay kay Ginang Reyno, isang guro mula sa paaralan ng Ateneo de Manila University, sa kanyang pahayag noong (2018), sa paggamit ng tamang paraan sa wika ng mga mag-aaral, nahahasa ang kaalaman at kakayahan nila sa pagsasalita ng Filipino. Sa pag-aaral ng wika, hindi sapat na matukoy lamang ng mga bata ang mga bahagi ng pananalita. Sa halip, mas magiging makabuluhan kung sisikapin na pag-aralan ang iba't ibang paraan sa paggamit nito na makatutulong sa kanilang pakikipagtalastasan at komunikasyon sa iba. Dagdag pa ni Ginang Reyno na “makapangyarihan ang wasto at mabuting paggamit ng ating wikang pambansa”, dahil isa itong daan upang magiging matatag ang pundasyon ng mga salita na siyang magagamit sa pag-unawa sa maraming bagay na makatutulong sa mga mag-aaral pagdating ng hinaharap.
- Ayon kay Caparas (2023), ang *social media* ay isa sa mga pangunahing midyum ng komunikasyon sa buong mundo, ang pag-usbong nito ay nakapagbigay ng epekto sa mga taong patuloy sa pagtangkilik at paggamit ng mga platapormang nakapaloob dito. Sa Pilipinas ang pinakasikat at mainpluwesiyang *social media site* sa mga Pilipino, partikular na sa mga kabataan at mag-aaral, ay ang *Facebook*. Sa pag-aaral nina Slim at Hafedh (2019), kanilang ipinaliwanag ang naging dahilan kung papaano naging sikat ang *social media platform* na *Facebook*, ayon sa kanila ito ay naging popular dahil nag-aalok ito ng walang hangganang limitasyon ng bilang ng mga larawan, bidyo, at teksto. Ang ganitong mga opsyon ay maaring magbigay sa mga taong gumagamit nito partikular na sa mga mag-aaral ng pagkakataong matuto ng bagong bokabularyo, mga salita, at gumamit ng bagong teksto.

HOLY ANGEL UNIVERSITY

IV. Inaasahang Bunga/Output/Resulta

Sa kasalukuyan, patuloy ang pag-unlad ng teknolohiya na nakakaapekto sa impluwensiya ng buhay ng mga tao. Kasabay nito, nagiging parte na ng pang-araw-araw na buhay ng mga mag-aaral ang *social media*, kabilang na ang kanilang paniniwala at kilos. Sa pag-aaral tungkol sa epekto ng *social media* sa paraan at estilo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, inaasahang malalaman ang mga positibong at negatibong epekto ng paggamit ng *social media* sa wikang Filipino. Posibleng matukoy din kung paano nakakaapekto ang *social media* sa pagkatuto ng wikang Filipino at kung ano ang mga bagong estilo ng komunikasyon na nabuo dahil sa paglaganap ng *social media*. Maaari rin itong magdulot ng kaalaman tungkol sa kung paano nakakaapekto ang *social media* sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

Batay sa mga nakalap na datos at kaugnay na pag-aaral o *literature*, sinasabing nakabubuti ang paggamit ng *social media* dahil lumalawak din ang bokabularyo sa ibang wika ng mga mag-aaral. Ngunit, may mga salungat din sa pananaw na ito sapagkat unti-unti raw nakakalimutan ng mga mag-aaral ang wikang Filipino na nakakaapekto sa paraan at estilo ng pagsasalita at pagsusulat nito.

Sa kabilang banda, naniniwala ang mga mananaliksik na ang wika ay itinuturing na pagkakakilanlan ng lahing Filipino sapagkat ito ang sumasalamín sa kultura at pamumuhay ng bansa. Dahil dito, mahalagang panatilihin ang buhay ng wikang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay magbibigay ng kaalaman sa mga mananaliksik ukol sa kalagayan ng wikang Filipino sa panahon ngayon na may impluwensiya ng *social media*.

Sa pangkalahatan, inaasahang magiging kapaki-pakinabang ang pananaliksik na ito sa pagpapakita ng mga resulta at kahalagahan ng wikang Filipino sa kasalukuyang panahon ng paglaganap ng *social media*. Ito ay naglalayong mapagting ang pagpapalago ng wikang Filipino sa kasalukuyang henerasyon, lalo na sa panahon ng mga sosyal na *media*. Magbibigay din ito ng maingat na pagsusuri ng epekto ng *social media* sa wikang Filipino at magsisikap magbigay ng mga rekomendasyon para sa mga guro at mag-aaral na makakatulong sa

HOLY ANGEL UNIVERSITY

pagpapabuti ng kaalaman at paggamit ng wikang Filipino. Ito rin ay naglalayong mapagting ang pagpapalago ng wikang Filipino sa kasalukuyang henerasyon, lalo na sa panahon ng mga sosyal na *media*.



HOLY ANGEL UNIVERSITY**V. Sanggunian**

Albay, J. (2017). Epekto ng modernisasyon ng wikang filipino sa pag-aaral ng mga Senior High School sa Unibersidad Ng Pangasinan. Academia.edu.

[https://www.academia.edu/33470031/Epekto_ng_modernisasyon_ng_wikang_filipino_s
a_pag_aaral_ng_mga_Senior_High_School_sa_Unibersidad_Ng_Pangasinan](https://www.academia.edu/33470031/Epekto_ng_modernisasyon_ng_wikang_filipino_sa_pag_aaral_ng_mga_Senior_High_School_sa_Unibersidad_Ng_Pangasinan)

Barredo, Cheryl P., and Ednilyn D. Cadapan. "Extent of Use of Social Media and Writing Skills in Filipino: A Correlational Study among Freshmen College Students."

Webology, vol. Volume 19, no. No. 2, 2022, pp. 860–869,

www.webology.org/abstract.php?id=1245

Caparas, J. (2023). Social Media in the Philippines: Facts, Statistics, History & Trends.

Spiralytics. <https://rb.gy/urqce>

Costales, J. C., Matthew, J., Gomomit, A. V., Joel, M., Samonte, J. H., Therese, Y., Marie, L., Rubiano, J. P., & Zabal, M. L. (2017). Isang Pagsusuri sa Paggamit ng mga Millennial Slang ng mga Mag-aaral mula sa Ikapitong Baitang ng St. Mary's College of Meycauayan sa Taong-Panuruan 2017-2018. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 1(1).

<https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/3907>

Noval, A. (2021). Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan:

Isang pagsusuri. ResearchGate; Consortia Academia Publishing.

[https://www.researchgate.net/publication/346700877_Pag-
usbong_ng_balbal_na_pananalita_bilang_modernong_wika_ng_kabataan_Isang_pagsusuri](https://www.researchgate.net/publication/346700877_Pag-usbong_ng_balbal_na_pananalita_bilang_modernong_wika_ng_kabataan_Isang_pagsusuri)

Orosio, B. (2017, February 20). Social Media: Impluwensiya sa Pagpapalago Ng Wikang Filipino. Academia.edu.

[https://www.academia.edu/31537634/Social_Media_Impluwensiya_sa_Pagpapalago_Ng
Wikang_Filipino](https://www.academia.edu/31537634/Social_Media_Impluwensiya_sa_Pagpapalago_Ng_Wikang_Filipino)



HOLY ANGEL UNIVERSITY

Pati, E.C.A. (2019, December 11). Epekto ng Paggamit ng Social Media sa Paggamit ng Wika. ResearchGate;

https://www.researchgate.net/publication/340953850_Epekto_ng_Paggamit_ng_Social_Media_sa_Paggamit_ng_Wika

Reyno, D. (2018). Ang Kahalagahan ng Pagtuturo ng Wikang Filipino sa mga Bata.

Ateneno.edu. <https://2012.ateneo.edu/grade-school/news/features/ang-kahalagahan-ng-pagtuturo-ng-wikang-filipino-sa-mga-bata>

Slim, H. & Hafedh, M. (2019). Social Media Impact on Language Learning for Specific Purposes: A Study in English for Business Administration.

<https://eric.ed.gov/?id=EJ1204643>

Social media | Definition, History, Examples, & Facts | Britannica. (2023). In Encyclopædia

Britannica. <https://www.britannica.com/topic/social-media>

Zahirrah Zainal, & Noor Hanim Rahmat. (2020). SOCIAL MEDIA AND ITS INFLUENCE ON VOCABULARY AND LANGUAGE LEARNING: A CASE STUDY. European Journal of Education Studies, 7(11).

<https://oapub.org/edu/index.php/ejes/article/view/3331/5967>



HOLY ANGEL UNIVERSITY

VI. Repleksyon

Ang konseptong papel na ito, para sa mga mananaliksik, ay naging magandang oportunidad upang maipakita ang kanilang kaalaman sa pagbuo ng isang makabuluhang pananaliksik hinggil sa paksang "Epekto ng Social Media sa Paraan at Estilo ng mga Mag-aaral sa Wikang Filipino". Naipakita nila ang kanilang kalinangan dahil sa mga kaisipan at ideyang ibinigay ng bawat mananaliksik na siyang nagbigay-linaw kung bakit kailangang isagawa ang pag-aaral na ito.

Ang *social media* ay naging isang malaking parte na ng buhay ng tao dahil sa maraming gamit nito, partikular na sa pakikipag-komunikasyon. Sa modernong panahon, teknolohiya ang naging pangunahing sandigan ng bawat tao upang ang buhay ay maging madali. Isa sa mga pangunahing nakikinabang sa *social media* ay ang mga mag-aaral, lalo pa sa kasagsagan ng pandemya. Naging malaki ang impluwensiya ng *social media* para sa mga mag-aaral sa paggamit nila ng wika dahil na rin iba't ibang wika na naiimbento ng karamihan. Madalas ay nahihikayat silang gamitin at bigkasin ang mga ito dahil sa nakakaaliw itong pakinggan at upang sumabay sa uso. Gayunpaman, nagkakaroon ng negatibong dulot ang mga ito dahil naaapektuhan ang kanilang kaalaman sa tamang paggamit ng gramatika, pagbaybay, paggamit ng mga kontraksiyon, at sa kanilang estilo ng pagsusulat.

Masasabing ang *social media* ay tunay na kapaki-pakinabang sa ating buhay. Sa pag-usbong ng teknolohiya ay ang pag-usbong din ng iba't ibang wika. Ngunit dahil din dito kaya't naaapektuhan ang kaaalaman ng iilan sa tamang paggamit ng nito. *Social media* ang siyang naging instrumento kung bakit ang mga bagong wika ay kumalat, kung kaya't *social media* din ang magiging daan upang palaganapin din ang tamang paggamit ng wikang Filipino.

Bilang pangwakas, ang paggamit ng mga bagong wika sa modernong panahon ay hindi masama bagkus ay nagpapatunay pa ito na ang wika ay isang dinamiko. Ngunit, huwag pa rin kakaligtaan na gamitin sa tuwina ang tamang paraan at estilo ng ating wika. Kung kaya't habang maaga'y itanim na sa bawat dila ang mga ito nang sa gayo'y tumubo at magbunga para sa mga susunod pang henerasyon.